# Tungkol sa **KODA** ng **GAWI** ng **SBS (SBS CODE of PRACTICE)**

Ang SBS ay isang independiyenteng pambansang serbisyo na pampublikong telebisyon, radyo at digital media na may mga responsibilidad sa komunidad ng Australya na nakasaad sa aming Charter. Pinopondohan kami ng gobyerno ng Australya at ng kita na pang-komersyo tulad ng pagpapatalastas (advertising).

Sa kabuuan ng aming network, ibinabahagi namin ang natatanging pagkukuwento ng Australya, lokal at internasyonal na balita at kasalukuyang mga kaganapan, isport, internasyonal na mga drama at dokumentaryo, pagkain, pelikula, at mga lokal na serbisyo sa radyo sa mahigit 60 mga wika. Kami rin ang tahanan ng pagkukuwento ng First Nations, na may Pambansang Katutubong Telebisyon (NITV - National Indigenous Television) na nagbibigay ng programa sa pananaw ng Katutubo.

Upang matiyak na natutugunan ng aming nilalaman (content) ang mga inaasahan ng komunidad, mayroon kaming SBS Code of Practice, na nagtatakda ng mga patakaran at pamantayan para sa lahat ng content ng SBS saan mo man ito i-access - sa telebisyon, radyo, online, o sa social media.



### Saklaw ng Code of Practice ang mahahalagang bagay tulad ng...

## PAGTITIWALA

**Paano kami nagbibigay ng matitiwalaan at may-saysay na content**

- Gumagawa kami ng mga independiyenteng desisyon tungkol sa aming content.
- Ang aming content na mga balita at kasalukuyang kaganapan ay tumpak, balanse at walang kinikilingan, at para sa interes ng publiko.
- Tinatanggap namin ang komprehensibong hanay ng mga pananaw at palagay - ang aming content ay maaaring maging makabago at mapaghamon, at maging kontrobersyal at pumupukaw sa isipan.

## WALANG IKINUKUBLI

**Paano kami makakatulong na gabayan ang iyong mga pagpipilian sa content**

- Nagbibigay kami ng impormasyon upang mapili mo ang content na angkop para sa iyo, at sinumang mga bata at kabataan na nasa pangangalaga mo.
- Tinitiyak namin na ang advertising ay naiiba sa aming content at nagtatakda kami ng mga patakaran sa paglalagay ng ilang uri ng patalastas.
- Para sa potensyal na nakababahalang content, isinasaalang-alang namin ang posibleng mga manonood, maging sensitibo, magbigay ng mga babala kung naaangkop, at ipakita lamang ang materyal kung ito ay may saysay sa editoryal.

## PAGGALANG


**Paano namin isinasagawa at itinataguyod ang paggalang**

- Iniiwasan namin ang content na nagtataguyod ng pagtatangi at diskriminasyon, kasama ang hindi makatarungang paggamit ng mga stereotype, na isinasaalang-alang ang konteksto.
- Nagbibigay kami ng content sa mga wika na bukod pa sa Ingles at hinihikayat namin ang pagpapahayag ng malawak na hanay ng mga pananaw.
- Sensitibo kami sa pagtatanghal ng mga isyu ng Katutubo at sinusunod ang mga pang-kulturang protokol ng mga Aborihinal at mga Torres Strait Islander.
- Iginagalang namin ang pagkapribado ng mga tao, na ibinabalanse namin sa aming mga responsibilidad sa pag-uulat.

## PANANAGUTAN

**Paano kami mananagot**

- Nagbibigay kami sa inyo ng mga paraan upang makapagbigay ng komento (feedback) tungkol sa aming content at mga serbisyo, papuri man o pumumuna.
- Mayroon kaming independiyenteng proseso para sa mga reklamo sa ilalim ng Code of Practice, na iniimbestigahan ng SBS Ombudsman.




SBS

**Alamin ang higit pa**
sbs.com.au/aboutus/sbs-code-of-practice